

MGA SERBISYO NA IN-HOME RESPITE

Sinusuportahan ng mga serbisyo ng respite ang mga miyembro ng pamilya na nangangalaga sa isang taong may kapansanan sa pag-unlad. Ang respite ay kadalasang ginagamit upang bigyan ang mga tagapag-alaga ng personal na oras o oras upang pangalagaan ang ibang mga pangangailangan ng pamilya. Ang mga sentrong pangrehiyon ay maaaring magbayad para sa mga serbisyo ng respite kapag ang isang taong may kapansanan sa pag-unlad ay nangangailangan ng higit na pangangalaga at pangangasiwa kaysa sa mga taong may parehong edad na walang mga kapansanan sa pag-unlad.

Ang bilang ng mga oras ng pangangalaga sa respite at uri ng serbisyo ng respite (tingnan sa ibaba) ay maaaring mag-iba depende sa kung ano ang kailangan ng isang pamilya. Mangyaring makipagtulungan sa iyong Koordinator sa Serbisyo upang magpasya kung ilang oras at kung aling serbisyo ang pinakamahusay na gagana para sa iyo.



AHENSYA ANG RESPITE

Ang itinalagang ahensya ay nagpapadala ng isang manggagawa ng respite sa iyong tahanan upang alagaan ang isang indibidwal upang bigyan ka ng pahinga. Direktang babayaran ng sentrong pangrehiyon ang serbisyo.

Ang mga manggagawa ay maaaring isang indibidwal na komportable kang kasama at nagsasalita ng iyong ginustong wika.

Ang huling hakbang ay ang pagtakda ng mga oras na kailangan mo silang dumating.



EMPLOYER OF RECORD (EOR) NA RESPITE

Kung mayroon ka ng isang taong pinagkakatiwalaan na mag-aalaga sa isang indibidwal ang indibidwal na iyon ay maaari mong maging respite na manggagawa. Ginagawa nila ito sa pamamagitan ng pagiging empleyado ng isang Employer of Record (EOR) na respite na ahensya.

Pagkatapos ay kukunin sila bilang empleyado ng respite na ahensya upang magtrabaho para lamang para sa iyong pamilya. Ang sentrong pangrehiyon ang magbabayad sa respite na ahensya, at ang ahensya ang magbabayad sa indibidwal.

Ang indibidwal ay dapat na 18 taon o mas matanda, Sertipikado sa CPR, at naninirahan na iba sa iyong tahanan.



PARTICIPANT DIRECTED SERVICE (PDS) NA RESPITE

Ikaw ay maaaring humanap ng isang respite na manggagawa at makipag-ugnayan sa Financial Management Service (FMS) upang bayaran sila. Ang Participant Directed Services (PDS) Respite ay nagpapahintulot sa iyo na pumili ng kukunin na manggagawa, kung kailan sila darating, at pangangasiwaan mo ang kanilang trabaho. Babayaran ng FMS ang respite na manggagawa para sa iyo.

Ang mga manggagawa ay maaaring isang indibidwal na komportable kang kasama at nagsasalita ng iyong ginustong wika.

Para sa karagdagang impormasyon bisitahin ang:

<https://www.dds.ca.gov/general/eligibility/support-services/>

Pebrero 2023

